



TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN

KAUTUSANG PANG-EHEKUTIBO BLG. 33 Serye 2020

KAUTUSANG NAGPAPATIBAY SA PAGSASAILALIM SA BARANGAY SAN NICOLAS, BAYAN NG BULAKAN, SA "LOCALIZED ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE - CRITICAL ZONE", MULA IKA-12:00 NG TANGHALI NG HULYO 26 HANGGANG IKA-12:00 NG TANGHALI NG AGOSTO 8, 2020. KAALINSABAY ANG PAG-AAMYENDA SA TUNTUNIN 1 AT 2 NG KAUTUSANG PANG-EHEKUTIBO BLG. 32 SERYE 2020 NA PINAGTIBAY NOONG HULYO 17, 2020.

SAPAGKAT, noong Hulyo 25, 2020 ay kinumpirma ng Regional Inter Agency Task Force on COVID-19 (RITF), ang kahilingan ng Pamahalaang Bayan ng Bulakan na isailalim sa Localized Enhance Community Quarantine (LECQ) ang Barangay San Nicolas upang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19 sa residente ng barangay San Nicolas at sa buong bayan ng Bulakan;

SAPAGKAT, noong Hulyo 17, 2020 ay inilabas ng Pamahalaang Bayan ng Bulakan ang pinagtibay na Kautusang Pang-Ehekutibo Blg. 32 na nagdedeklara ng "Localized Enhanced Community Quarantine" Sa Cattleya Street, Purok Libo, Barangay San Nicolas, sa bayan ng Bulakan, mula ika-18 hanggang ika-30 ng Hulyo, 2020;

SAPAGKAT, batay sa Tuntunin 2 ng Kautusang Pang-Ehekutibo Blg. 30 Serye 2020 may petsang Hulyo 15, 2020, ang isang barangay ay kailangang pumapaloob sa klasipikasyong Critical Zone (CrZ), may clustering of cases at ito ay napatunayan sa Barangay San Nicolas na nagkaroon ng karagdagang kaso ng COVID-19 sa loob lamang dalawang (2) araw base sa Risk Assessment Report ng Municipal Health Office;

SAPAGKAT, ang Demographic Profile and COVID-19 Status sa Barangay San Nicolas ay matibay na basehan sa atas na ito:

Total no of COVID-19 cases	6 (2 index cases and 4 close contacts)
Total no of active COVID-19 cases	6
No. admitted (hospital)	0
(Municipal Isolation facility)	6
No of close contacts	52
No of close contacts tested for RT-PCR	28
No. of close contacts tested positive	4 (close contacts of first case in Catleya St. living within the household)
No. of Puroks	4
No. of sitios	1
Total Population	6429
Total Households	1735
Total Families	1849
Total Land Area	1,462 H (14.62 square km)
Population Density	439 individuals/sq.km.
No. of PWDs	65

No. of Senior Citizens	584
No. of schools	1 Public ES 2 Private ES
No. of Resorts	5 (1 within the perimeter of the house of the 5 cases)
No. of National Shrine	1 (Marcelo Del Pilar Shrine)
No. of chapels	6 (1 major 5 minor)
No. of cemetery	1 private memorial park
No. of subdivisions	4
No. of barangay roads	10
• Number of Barangay have in-part in 500 meter radius :	Barangay Pitpitan, Balubad Tibig & Maysantol
• COVID Task Force Organized :	Executive Order
• Quarantine Facility :	Gen. Gregorio Del Pilar Integrated School
• Spot Map of Cases :	500 meter radius (CrZ, CZ & BZ)

SAPAGKAT, batay sa mga panuntunan, ang apat na zoning classifications, Critical Zone, Containment Zone, Buffer Zone at Areas Outside Buffer Zone ay kailangang ikonsidera ng pamahalaan para sa agaran at mas epektibong pagtugon sa paglaban sa COVID 19;

KUNG KAYA, AKO, SI VERGEL C. MENESES, Punong Bayan ng Bulakan, Bulacan, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ibinigay sa akin ng Batas, ay nagtatakda ng mga sumusunod na Kautusan:

TUNTUNIN 1. DEKLARASYON NG LOCALIZED ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE (LECQ). Isinasailalim sa Localized Enhanced Community Quarantine (LECQ) bilang Critical Zone (CrZ) ang **buong Barangay San Nicolas ng Bayan ng Bulakan** upang mapigil ang pagdami ng nagpopositibo sa COVID-19 sa lugar na ito.

TUNTUNIN 2. AMYENDA SA TUNTUNIN 1 AT 2 NG PANG-EHEKUTIBONG KAUTUSAN BLG. 32, MAY PETSANG HULYO 17, 2020. Inaamyedahan ang sumusunod na TUNTUNIN upang masunod ang bagong zoning classifications, Critical Zone, Containment Zone, Buffer Zone at Areas Outside Buffer Zone sa mga barangay sa bayan ng Bulakan:

2.A. "Orihinal na TUNTUNIN 1"

"TUNTUNIN 1. PAGTATALAGA NG LOCALIZED ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE (LECQ). Ang sumusunod na lugar ay isasailalim sa Localized Enhanced Community Quarantine (LECQ):

BARANGAY	Operational Framework for LECQ Transition Legend	IATF LGU Bulakan Classification Modified Community Quarantine (MGCQ)

Barangay San Nicolas CATTLEYA STREET	Critical Zone (CrZ) <i>Extremely Restrictive Perimeter Control</i>	ECQ
PUROK LIBO, Barangay San Nicolas <i>Adjacent to CrZ (Cattleya Street, Barangay San Nicolas)</i>	Containment Zone (CZ) <i>Stringent Perimeter Control</i>	MECQ
Part/Barangay Boundary of Pitpitan, Balubad, Maysantol, Tibig and San Francisco <i>Adjacent to CZ (Barangay San Nicolas)</i>	Buffer Zone (BZ)	GCQ
Barangay Taliptip, Perez, Bambang, Sta. Ines, Sta. Ana, Bagumbayan, San Jose and Matungao	Areas Outside Buffer Zone (OBZ)	MGCQ

XXX"

2.B. "Amyenda ng TUNTUNIN 1 at Bagong Probisyon"

"TUNTUNIN 1. KAUTUSANG NAGDEDEKLARA NG BAGONG LOCALIZED ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE (LECQ). Ang sumusunod na lugar ay isasailalim sa Localized Enhanced Community Quarantine (LECQ):

BARANGAY	Operational Framework for LECQ Transition Legend	IATF LGU Bulakan Classification Modified Community Quarantine (MGCQ)
Barangay San Nicolas	Critical Zone (CrZ) <i>Extremely Restrictive Perimeter Control</i>	ECQ
Barangay of Pitpitan, Tibig and Maysantol <i>Adjacent to CrZ</i>	Containment Zone (CZ) <i>Stringent Perimeter Control</i>	MECQ
Barangay Balubad and San Francisco <i>Adjacent to CZ</i>	Buffer Zone (BZ)	GCQ
Barangay Taliptip, Perez, Bambang, Sta. Ines, Sta. Ana, Bagumbayan, San	Areas Outside Buffer Zone (OBZ)	MGCQ

2.C. "Orihinal na TUNTUNIN 2"

"TUNTUNIN 2. PANUNTUNAN SA CRITICAL ZONE (CrZ). Sa pagdeklara ng bahaging nasa critical zone, ang **Cattleya Street ng Barangay San Nicolas** ay marapat isagawa ang mga sumusunod: XXX"

2.D. "Amyenda ng TUNTUNIN 2 at Bagong Probisyon"

"TUNTUNIN 2. PANUNTUNAN SA CRITICAL ZONE (CrZ). Sa pagdeklara ng bahaging nasa critical zone, sa **Barangay San Nicolas** ay marapat isagawa ang mga sumusunod: XXX"

TUNTUNIN 3. LUPONG TAGAPAGPAGANAP. Inaatasan ang mga Punong Barangay, Himpilan ng Pulisya, Pambayang Tanggapan ng Kalusugan katuwang ang Municipal Inter-Agency Task Force on COVID-19 para sa maayos ng pagpapatupad ng nilalaman ng Kautsang ito.

TUNTUNIN 4. Ang anumang bahagi sa umiiral na mga naunang Kautusan na salungat dito ay pinawawalang-bisa o iniaakma dito.

TUNTUNIN 5. Ang Kautusang ito ay ipatutupad para sa pangangalaga ng mamamayan habang nasa estado ng COVID-19. At magkakabisa matapos malagdaan ng Punong Bayan.

PINAGTIBAY ngayong ika-25 ng Hulyo, 2020 sa Bayan ng Bulakan.


VERGEL C. MENESES
Punong Bayan